
## ACTIVITY

A. Pagtugmain ang salita at larawan. Gumuhit ng linya na magdudugtong dito.



| | | | |
|---|---|---|---|
| basket | sanggol<br>(baby) | ilog<br>(river) | umiiyak<br>(crying) |

B. Kumpletuhin ang pangungusap. Bilugan ang larawan ng iyong sagot.

1. Si ___________ ang babaeng kapatid ni Moses.





2. Ang Faraon ang hari ng ___________.




3. Itinago ng nanay si baby Moses sa isang ___________ upang mailigtas ang sanggol.



4. Pinalutang ng nanay ni baby Moses ang basket sa ___________.




5. Binilin ng Faraon sa mga kumadrona na patayin ang mga sanggol na ___________.




6. Si baby Moses ay ipinanganak sa ___________.



Nakita natin sa kuwento ang masamang plano ng Faraon para sa mga Israelita. Dahil ayaw na niyang dumami ang mga Israelita sa takot na masakop sila, umisip siya ng masamang paraan na mapigil ito. Ginamit niya ang kanyang kapangyarihan bilang hari ng Egipto upang maisakatuparan ang kanyang plano. Ngunit mas makapangyarihan ang Diyos. Iniligtas niya si Moses na isang Israelita mula sa kamatayan. Bukod doon ay niloob Niyang lumaki si Moses sa palasyo. Ang lahat ng ito ay nangyari sapagkat may plano ang Diyos para sa kanya.




C. Pagsunod-sunorin ang pangyayari sa kuwento. Ilagay ang bilang sa loob ng bilog.













D. Kulayan ang larawan.



Ang mga batang tulad natin ay dapat na magtiwala na ang Diyos ang Siyang magliligtas sa atin sa anumang kapahamakan. Sa panahon ngayon, maraming masamang nangyayari sa ating paligid at may mga taong gumagawa din ng masama na minsan ay nagdudulot ng takot sa mga tao. Magdasal at magtiwala palagi sa Diyos na Siya ang mag-iingat sa iyo at palaging gawin din ang iyong bahagi ng pag-iingat.



E. Memory Verse

Kapag ako'y natatakot, O aking Diyos na Dakila; sa iyo ko ilalagak, pag-asa ko at tiwala. **Mga Awit 56:3**